# MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA

AMAZING FACTS

## Isang Huwarang Makalangit

Exodo 24:1-25:9

## Ang Kasaysayan...

Kailan man ay hindi pa nakapagpakita ang Panginoon ng gayong makapangyarihang tanda at kababalaghan tulad ng palayain Niya ang mga anak ni Israel sa pagkaalipin sa Ehipto. Sunod-sunod na salot ang dumating sa kaharian ni Paraon, hanggang siya ay napilitang pahintulutan na umalis ang kanyang mga bihag Hinati ng Panginoon ang Dagat na Pula at inakay ang bagong bansa sa kanilang kalayaan, hanggang nangalunod na lahat ang mga humahabol nilang kaaway.



Pagpasok nila sa ilang, ginulat ng Dios ang marami sa kanyang mga anak nang akayin silang patungong timog—sa salungat na direksyon ng Pangakong Lupain. Batid ng Panginoon na bago sila maging handa na tumanggap ng kanilang mana, kailangan silang maitatag muna at maturuan na magtiwala sa Kanya. Sa kanilang paglalakbay sa Sinai, ipinagkaloob ng Dios ang lahat nilang kailangan. Pinakain sila ng Dios ng tinapay ng langit. Pinainom sila ng dalisay na tubig na lumalagaslas sa isang malaking bato. Nang sila'y salakayin ng kaaway mula sa kanilang likuran, binigyan sila ng Dios ng pagtatagumpay.

Sa wakas sila ay nakarating sa paanan ng banal na bundok. Doon ay gumawa ang Dios ng bagay na hindi pa Niya ginawa kailanman. Sinabi Niya sa pandinig ng buong bansa—ang Kanyang Tipan, ang Sampung Utos. At tinawag Niya si Moises sa itaas ng Bundok ng Sinai upang tanggapin ang isang salin nito na nakasulat sa bato.

Samantalang siya ay kasama ng Dios sa bundok nang 40 araw at 40 gabi, tumanggap siya ng mga tagubilin upang gumawa ng isang maganda at nabubuhat na templo para sa Dios. Ito ay isang maliit na halimbawa ng Kanyang tahanang dako sa langit. Ang kakaibang gusaling ito ay magsisilbing may tatlong adhikaing-aralin sa buong sanlibutan ng panukala ng Dios na iligtas tayo mula sa kasalanan.

# Ang Pag-aaral…

*Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.*

### 1. Ano ang iniutos ng Dios na gawin ni Moises? Bakit?

Exodo 25:8 *Igawa nila ako ng _____________; upang Ako'y _____________ sa gitna nila.*

### 2. Ano ang inaasahan ng Dios na matututuhan ng Kanyang bayan mula sa santuario at mga paglilingkod nito?

Mga Awit 77:13 *Ang Iyong _____________, Oh, Dios ay nasa santuario.*


PALIWANAG: Ang daan, o panukala ng Dios ng pagliligtas ay nahayag sa santuario sa lupa. Ang lahat ng bagay sa santuario ay simbolo ng ginagawa ni Jesus sa ating ikaliligtas. Hindi natin lubusang mauunawaan ang panukala ng kaligtasan malibang maunawaan natin ang santuario at mga paglilingkod nito.

### 3. Saan kinuha ni Moises ang plano ng santuario?

Exodo 25:40 *At ingatan mo, na iyong gawin ayon sa _____________ ng mga yaon, na ipinakita sa iyo sa _____________.*

PALIWANAG: Ang plano ng santuario, kasama ang mga detalye ng kayarian, ay ibinigay ng Dios kay Moises sa Bundok ng Sinai (Hebreo 8:5).






Ang unang santuario, o tabernakulo, ay may napakagandang kayarian; (15 talampakan ang luwang at 45 talampakan ang haba). Ang mga dingding nito ay yari sa mga tabla ng tuwid na punong akasya na nababalutan ng ginto at may mga suksukang pilak. Ang bubong nito ay yari sa apat na susong panakip-lana, buhok ng kambing, balat ng tupa na kinulayan ng pula, at balat ng poka (mga talatang 1, 7, 14). May dalawang silid; ang banal na dako (15 x 30 talampakan), at ang kabanalbanalang dako (15 x 15 talampakan). Tingnang madalas ang larawan sa itaas samantalang pinagaaralan ang araling ito.

### 4. Anong muwebles (furniture) ang nasa bakuran ng tabernakulo?

A. Exodo 29:18 *At iyong susunugin ang buong tupa sa ibabaw ng _____________; handog na _____________ nga sa Panginoon.*

B. Exodo 30:18 *Gagawa ka rin nga ng isang _____________ tanso, … upang paghugasan.*

PALIWANAG: Sa dambana ng handog na susunugin (Exodo 27:1-8) pinapatay ang mga hayop na inihahandog. Ito ay kumakatawan sa krus ni Kristo. Ang hayop na inihahandog ay kumakatawan kay Kristo, (Juan 1:29). Ang hugasan (Exodo 30:17-21; 38:8) ay malaki at yari sa tanso na nakalagay sa pagitan ng pasukan ng santuario at ng dambana ng handog na susunugin. Doon naghuhugas ng mga kamay at paa ang mga saserdote bago sila pumasok sa santuario o bago sila maghandog. Ang tubig ay kumakatawan sa binyag, paglilinis mula sa kasalanan, at sa bagong pagkapanganak.

## 5. Anong tatlong muwebles ang nasa banal na dako?

**A. Mga Bilang 4:7** *At sa ______________ ng ______________ ay maglalatag sila ng isang kayong bughaw, …at ang namamalaging tinapay ay malalagay sa ibabaw noon.*
**B. Mga Bilang 8:2** *Pagsisindi mo ng mga ilawan, ay iyong pagliliwanagin ang pitong ilawan sa harap ng ______________.*
**C. Exodo 30:1** *At gagawa ka ng isang ______________ na mapagsusunugan ng ______________: kahoy na akasya iyong gagawin.*

PALIWANAG: Ang dulang ng tinapay na handog (Exodo 25:23-30) ay kumakatawan kay Jesus, ang buhay na tinapay (Juan 6:51). Ang pitong kandelero (Exodo 25:31-40) ay kumakatawan kay Jesus, ang liwanag ng sanlibutan (Juan 9:5; 1:9). Ang mga ilawan ay kumakatawan sa Banal na Espiritu (Zacarias 4:1-6; Apok. 4:5). Ang dambana ng insenso (Exodo 30:1-8) ay kumakatawan sa mga dalangin ng bayan ng Dios (Mga Hebreo 5:7).

## 6. Anong tanging bagay ang nasa kabanalbanalang dako?

**Exodo 26:34** *At iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw ng ______________ ng patotoo sa kabanalbanalang dako.*



PALIWANAG: Ang tanging naroon sa kabanalbanalang dako (Exodo 25:10-22) ay ang kaban ng patotoo, na yari sa kahoy na akasya at nababalutan ng lantay na ginto. Sa ibabaw ng kaban ay dalawang anghel na yari rin sa lantay na ginto. Ang takip ng kaban na tinatawag na luklukan ng awa (Exodo 25:17-22), ay tinatahanan ng presensya ng Dios. Ang lugar na ito ay kumakatawan sa trono ng Dios sa langit na nakapagitan din sa dalawang anghel (Mga Awit 80:1; Isaias 6:1, 2).

## 7. Ano ang nasa loob ng kaban?

**Exodo 25:21** *At iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw ng kaban; at sa loob ng kaban ay iyong ilalagay ang ______________ na ibibigay ko sa iyo.*
**Deuteronomio 10:4, 5** *Ang Siya (ang Dios) ay sumulat sa mga tapyas, ayon sa unang sulat, ng ______________ utos. … At ako'y pumuhit at bumaba sa bundok, at aking isinilid ang mga tapyas sa ______________ ng kaban na aking ginawa; at nangandoon, na gaya ng iniutos sa akin ng Panginoon.*

PALIWANAG: Isinulat ng daliri ng Dios ang Kanyang tipan sa dalawang tapyas na bato at inilagay sa loob ng kaban. Ang luklukan ng awa ay nasa ibabaw nito, na ang ibigsabihin, habang ipinapahayag at tinatalikdan ng bayan ng Dios ang kanilang mga kasalanan (Kawikaan 28:13), ay tatanggap sila ng habag sa pamamagitan ng dugo na ibinuhos ng saserdote sa ibabaw ng kaban ng tipan (Leviticus 16:15, 16). Ang dugo ay kumakatawan sa dugo ni Jesus na nabuhos upang magdala ng kapatawaran at paglilinis sa lahat ng tao(Mateo 26:28; Hebreo 9:22).

**8. Bakit kailangang hayop ang ihandog sa santuario sa Matandang Tipan?**

**Hebreo 9:22** *At maliban na sa pagkabuhos ng ______________ ay walang kapatawaran.*
**Mateo 26:28** *Sapagkat ito ang aking dugo ng tipan, na nabuhos dahil sa marami sa ______________ ng ______________.*

PALIWANAG: Kailangan ang hayop upang maunawaan ng tao na kung walang dugo ni Jesus na nabuhos sa krus, ay walang kapatawaran ng kasalanan. Ang nakakagimbal na katotohanan ay ito: Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. At sapagkat lahat ay nagkasala, lahat tayo ay mamamatay, ngunit ibinigay ng Panginoon ang Kanyang buhay na kabayaran ng ating mga kasalanan. Ang nagkasala ang pumapatay ng kanyang sariling handog; madugo at kahindikhindik; upang bigyang-diin sa isipan ng tao na ang kasalanan ang naging dahilan ng kamatayan ni Jesus. Sila'y tumitingin sa krus sa hinaharap para sa kaligtasan; tayo'y tumitinging pabalik sa krus para sa kaligtasan. Wala nang iba pang paraan ng kaligtasan.

**9. Kapag naghandog ng hayop para sa kasalanan, ano ang nangyayari sa kasalanan?**

**Levitico 1:4, 5** *At ipapatong niya ang kanyang ______________ sa ulo ng handog na susunugin; at tatanggapin sa ikagagaling niya upang gumawa ng ______________ sa kanya. At kanyang papatayin ang guyang toro sa harap ng Panginoon.*

PALIWANAG: Sa pagpapatong ng kamay sa ulo ng hayop na inihadog, at paghahayag ng kasalanan ng naghahandog, nasasalin ang mga kasalanan sa hayop. Sa gayong paraan ang hayop ay nagiging makasalanan at kailangang magbayad ng kamatayan. Kumakatawan ito kay Kristo na nagtaglay ng ating mga kasalanan.



**10. Kapag ang hayop ay inihandog para sa buong kapulungan, ano ang nangyayari sa kasalanan?**

**Levitico 4:17** *At ilulubog ng saserdote ang kanyang daliri sa dugo at ______________ na makapito sa harap ng Panginoon, sa harap ng ______________.*

PALIWANAG: Ang saserdote ang nagwiwisik ng dugo sa tabing sa loob ng santuario, at sa ganoong simbolo ay naisasalin ang kasalanan ng mga tao sa santuario. Nang umakyat sa langit ang Panginoon nang Siya ay mabuhay, inialay Niya ang Kanyang dugo (tulad ng saserdote ng matandang panahon) upang ipakita na ang ating mga kasalanan ay pinatatawad kung inihahayag sa pangalan ni Jesus (I Juan 1:9).

**11. Anong dalawang simbolo sa santuario ang tinupad ni Jesus para sa atin?**

**I Korinto 5:7** *Si Kristo ang ating ______________ ay naihain na.*
*Hebreo 4:14 Tayo'y mayroong isang lubhang ______________ ______________ na pumasok sa kalangitan, si Jesus ang Anak ng Dios.*

PALIWANAG: Si Jesus ay gumawa ng dalawang mahimalang bagay para sa atin: nagsilbing handog para sa ating mga kasalanan at ating mataas na saserdote sa langit. Ang una ay isang lubos na bagong buhay, na tinatawag na bagong pagkapanganak na ang lahat ng nakalipas na kasalanan ay pinatawad (Juan 3:3-6; Taga-Roma 3:25). Ang ikalawa ay kapangyarihan na mabuhay nang matuwid sa kasalukuyan at sa hinaharap (Tito 2:14; Filipos 2:13). Sa dalawang ito ang tao ay nagiging matuwid; isang matuwid na ugnayan sa Dios. Ang tao kailanman ay hindi magiging matuwid sa kanyang sariling pagsisikap, sapagkat ang katuwiran ay nagmumula lamang sa biyaya na kaloob ng Panginoon (Mga Gawa 4:12). Ito ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, na siyang tanging tunay na katuwiran.

## 12. Anong anim na kahangahangang mga pangako ang ibinibigay ng Biblia sa atin sa pamamagitan ng katuwirang alay sa atin ng Panginoong Jesus?

A. *Papawiin ang mga nakaraan nating kasalanan at ibibilang tayong walang sala. Isaias 44:22; I Juan 1:9)*

B. *Ibabalik tayo sa larawan ng Dios (Mga Taga Roma 8:29).*

C. *Pagkakalooban tayo ni Jesus ng pagnanasa at kapangyarihang sundin ang kalooban ng Dios (Filipos 2:13).*

D. *Tutulungan tayo ng Panginoon na gawin lamang ang mga bagay na nakalulugod sa Dios (Hebreo 13:20, 21; I Juan 3:22).*

E. *Inaalis sa atin ang hatol ng kamatayan sa pagkakaloob sa atin ng kapakinabangan ng Kanyang walang salang buhay at nagliligtas sa kamatayan (II Kor. 5:21).*

F. *Inaako Niya ang lubos na kapanagutan na panatilihin tayong tapat hanggang sa Kanyang pagbabalik. (Filipos 1:6; Judas 24).*

PALIWANAG: Ang Panginoon ay handa upang lubusin sa iyong buhay ang lahat na maluwalhating mga pangakong ito. Ikaw ba ay handa? Lumuhod ngayon at ipagkaloob sa Kanya ang pangangasiwa ng iyong buhay. Hindi ka Niya bibiguin.

## 13. Ano ang nangyari sa araw ng pagtubos?

**Levitico 16:30** *Sapagkat sa araw na ito gagawin ang pagtubos sa inyo, upang ______________ kayo; sa lahat ng inyong mga ______________ sa harap ng Panginoon.*

PALIWANAG: Ang araw ng pagtubos ay isang banal na araw ng paghatol, minsan isang taon sa Israel (Levitico 23:27). Ang lahat ng kasalanan ay dapat ipahayag at talikdan at lahat ng tumangging gawin ito ay ihihiwalay magpakailanman sa kongregasyon ng Israel (talatang 29). Sa araw na yaon, pipili ng dalawang kambing; ang isa ay sa Panginoon at ang isa naman ay kay Azazel na kumakatawan kay Satanas (Levitico 16:7, 8). Ang dugo ng kambing ng Panginoon ay para sa kasalanan ng mga tao (tal. 9); dadalhin ito sa kabanalbanalang dako at iwiwisik sa luklukan ng awa (tal. 14). Sa tanging araw lamang ng pagtubos pumapasok ang mataas na saserdote sa kabanalbanalang dako. Ang winisik na dugo (kumakatawan sa dugo ng Panginoon) ay tinanggap ng Dios, ang ang ipinahayag na mga kasalanan ng tao ay naisalin sa saserdote mula sa santuario. Isinalin ng saserdote ang mga kasalanang ito sa kambing ni Azazel na pinakawalan sa ilang (mga talatang 16, 20, 22). Sa ganitong simbolo, ang santuario ay nalinis sa mga kasalanan ng tao na isinalin naman doon sa pagwiwisik ng dugo sa buong nakaraang isang taon.



## 14. Ang matandang araw ba ng pagtubos ay umaanino sa paglilinis ng santuario sa langit?

**Hebreo 9:23** *Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa langit ay linisin ng mga ito; ngunit ang mga bagay ring ito sa ______________ ay linisin ng mga ______________ kay sa rito.*

PALIWANAG: Opo! Ang mga paglilingkod sa araw na yaon ay itinuturo ang pagpawi ni Jesus, ang ating mataas na saserdote sa langit, ng kasalanan. Naroon Siya upang mamagitan sa Kanyang bayan at handang pawiin ang mga kasalanan ng lahat na mananampalataya sa Kanyang dugo. Ang matandang araw ng pagtubos, tulad ng Yom Kippur ng makabagong Israel, ay umaanino sa huling pagtubos na gagawin para sa lupa. Ang huling pagtubos ay hahantong sa huling paghatol, na siyang lulunas magpakailanman sa suliranin ng kasalanan sa buhay ng bawat tao. Ang susunod nating aralin ay ipakikita kung paanong itinakda ng Dios ang simula ng paghagtol sa langit. Kapanapanabik!

# Ang Iyong Tugon

Nais mo bang ipagkatiwala nang lubos sa mga kamay ng Panginoon ang iyong buhay upang Kanyang gawin ang mga himalang kailangan upang ikaw ay maging matuwid?

*TUGON:* _____________

